



GRADE IV
CAR – CORDILLERA ADMINISTRATIVE REGION



Ang modyul na ito ay tungkol sa Rehiyon ng CAR. Malalaman mo ang mga sumusunod

- *ang lungsod at mga lalawigang bumubuo sa rehiyon*
- *bilang ng bayan at barangay ng bawat lalawigan*
- *magagandang tanawin*
- *industriya at produkto ng bawat lalawigan*





PAG-ARALAN MO

Pag-aralan mo ang mapa ng CAR. Ano ang napapansin mo?



Ang Cordillera Administrative Region (CAR) ay nasa hilagang bahagi ng Luzon. Nasa pagitan ito ng Rehiyon I and Rehiyon II. Ang CAR ay binubuo ng anim (6) na lalawigan at isang (1) lungsod. Ang mga ito ay Abra, Apayao, Benguet, Ifugao, Kalinga, lalawigang bulubundukin o Mountain Province at ang Lungsod ng Baguio. Hanapin mo sa itaas ang kinalalagyan ng mga lalawigan at lungsod na nabanggit.


Ang nasa hilagang-kanluran ng rehiyon ay ang Ilocos Norte. Sa kanluran nito ay ang Ilocos Sur at La Union. Sa silangan ng rehiyon ay ang Isabela. Ang Pangasinan at Nueva Vizcaya naman ay nasa timog-silangan.





SUKAT SA KILOMETRONG PARISUKAT

Tingnan mo ang “Bubble Web” sa ibaba. Alamin mo ang sukat ng lawak ng lupa ng bawat lalawigan sa kilometrong parisukat. Alamin mo rin ang kabisera ng bawat isa.



Ang CAR ay may kabuuang sukat ng 18,406.6 km². Ang kabisera ng Abra ay Banlo at Bangued, Kabugao ang sa Apayao, La Trinidad ang sa Benguet, Lagawe ang sa Ifugao, Tabuk ang sa Kalinga at Bontoc ang sa Mountain Province.



KATANGIANG PANGHEOGRAPIYA

May matataas at matatarik na bundok ang Cordillera tulad ng Bundok Pulo at Bundok Data. Ang Bundok Pula gang pangalawang pinakamataas na bundok sa buong Pilipinas.

Maraming magagandang tanawin at pook ng panturismo ang rehiyon ng CAR. Pag-aralan mo ang talaan sa ibaba.

Mga Lalawigan	Magagandang Tanawin	Katatagpuang Lugar
1. Abra	Gabriela Silang Monument Casa Real Pinaing (Sacred Stones) Don Teodoro Brillantes Family Museum Old Roman Catholic Church Abra River Bolinez Hot Spring Tugot ni Angalo Libtec Underground River Kimkimang Lake Limbo Lake Sibud-sibud Cave	
2. Apayao	Agamatan National Park and Wildlife Sanctuary Apatao River Camp John Hay, Burnham Park	Apayao Apayao Apayao
3. Benguet	Mines View Park, Lourdes Grotto Kalinga Cave Guerilla Saddle Mount Kabunian Timbac Caves Obdas Caves Tinongchoi Burial Rock Mount Pulag Mount Santo Tomas Colorado Falls Puligan Rock	Baguio City Kapangan Mankayan Bakun Kabayan Kabayan Kabayan Kabayan Tuba Tuba Bakun





Mga Lalawigan	Magagandang Tanawin	Katatagpuang Lugar
	Mountain Lakas Inodey Waterfalls Sabtang Waterfalls Sacdol Waterfalls Bridol Veil Falls Dalupirip Hot Spring Tuel Hot Spring Bengoanga Cave Cabacab Plateau	Kabayan Mankayan Sabtan Sabtan Tuba Itogon Itogon Tuba Mangkayan
4. Ifugao	Central Banaue Rice Terraces Bangaan Rice Terraces Batad Rice Terraces Mayoyao Rice Terraces Nagacadan Rice Terraces Hapao Rice Terraces Hungduan Rice Terraces National Museum Million Dollar Hill Philippine War Memorial Shrine Ambuwayan Lake Binatakan Cave & Nah-Toban Cave Tappiyah Falls Ducligan Hot Springs Gulhob Natural Swimming Pool Buyukan Waterfalls Ba-ang Hot Springs Mount Napulawan Tukukan Sulphur Hot Springs Asin Hot Spring Mount Amuyao Ibulao River Magat Dam (Biggest Dam in Asia)	Banaue Banaue Banaue Mayoyao Kiangang Hungduan Hungduan Kiangang Kiangang Kiangang Kiangang Lagawe Batad, Banaue Ducligan, Banaue Banaue Hungduan Hapao, Hungduan Hungduan Tinoc Tinoc Banaue Lagawe Alfonso Lista
5. Kalinga	Balbalasang National Park and Reservation Uguid Subterranean River Sleeping Beauty Mountain Viewpoint Elephant Hill Aguinaldo Hill	Balbalan Balbalan Tinglayan-Tanudan Boundary Rizal Rizal



Mga Lalawigan	Magagandang Tanawin	Katatagpuang Lugar
6. Mountain Province	Bontoc Village Museum Rizal Memorial Sagada Weaving Sabangan Loom Weaving Hot Springs, Bantig, Mainit Bontoc Hanging Coffins Inodey Falls, Bumod-ok Waterfalls Rice Terraces: Bagmen Rice Terraces, Banko Besao Rice Terraces Maligcong Rice Terraces Balugan Rice Terraces Banlig Rice Terraces	Bontoc Bontoc Sagada Sabangan Sadanga Sagada Sagada Besao Besao Bontoc Sagada Banlig

KLIMA

Ang klima sa rehiyon ng Cordillera ay malamig dahil sa kataasan ng lugar. Higit ang nararanasang lamig sa mga buwan ng Disyembre hanggang Pebrero. Sa mga bahaging kanluran at silangan ay may tag-init at tag-ulan. Kapag tag-araw dinarayo ito ng mga taga-kapatagan.

PANGKABUHAYAN

Agrikultura anng pangunahing industriya ng CAR. Pag-aralan mo ang talahanayan sa ibaba. Ano-ano kaya ang pangunahing industriya at produkto sa CAR?

MGA INDUSTRIYA AT PRODUKTO NG CAR

Lalawigan	Industriya	Produkto
1. Abra	Pagtroroso, Pagmimina, Gawaing Pangkamay	bulak, kape, ube, mani, kakaw, kahoy, rattan, honey, wax, ginto, tabako, palay, mais, kamote
2. Apayao	Pagmimina, Agrikultura	palay, mais, kape, tabako, at mga mineral
3. Benguet	Agrikultura, Mga Gulay, Pruta, Halamang ornamental	repolyo, petsay, patatas, sitaw, letsugas, carrots, bitswelas, pipino, strawberry, broccoli, celery, citrus piña, saging at cauliflower, mga sariwang bulaklak





Lalawigan	Industriya	Produkto
4. Ifugao	Agrikultura at Pagkakahoy, Paghabi, Gawaing Pangkamay, Pag-aalaga ng hayop	palay, kape, pag-ukit ng kahoy, gulay, kamote, mga produktong rattan, basket, walis, mais, alak, hinabi na tela
5. Kalinga	Agrikultura	kape, palay, mais, niyog
6. Mountain Province	Agrikultura	mga gulay, halamang ugat

Ang CAR ay sagana sa mga gulay tulad ng carrots at repolyo, gayundin sa mga pangunahing yamang-mineral tulad ng ginto, pilak at tanso. Mayroon ding mga deposito ng pilak, zinc, bakal, luwad, graba, adobe at buhangin.

Nabubuhay rin ang mga taga rehiyon sa pamamagitan ng pag-ukit ng kahoy, paghabi ng tela at paggawa ng sweater. Ang iba naman ay abala sa industriyang pantahanan tulad ng pagmamatamis ng ube at strawberry. Gumagawa rin sila ng mga basket, walis, palamuti at mga kasangkapang yari sa kawayan at yantok.



PAGSANAYAN MO

Subukin mong sagutin ang mga pagsasanay sa ibaba upang masukat mo ang iyong natutuhan tungkol sa CAR. Gawin ito sa kuwadernong sagutan.

A. Tukuyin ang hinihinging impormasyon sa bawat bilang.

1. Mga Lalawigang Sakop ng CAR

- A.
- B.
- C.
- D.
- E.
- F.






2. Mga kabisera ng lalawigang tinutukoy sa bilang.

- A.
- B.
- C.
- D.
- E.
- F.

B. Punan kung anong hinihingi ng Venn Diagram.



C. Saan makikita ang magagandang tanawin sa Hanay A? Piliin ang sagot sa Hanay B.
 B. Isulat lamang ang titik ng tamang sagot.

Hanay A

1. Burnham Park
2. Hanging Coffins
3. Strawberry Plantations
4. Agamatan National Park & Wildlife
5. Sleeping Beauty Mountain Viewpoint

Hanay B

- A. Kalinga
- B. Benguet
- C. Lungsod ng Baguio
- D. Burnham
- E. Apayao
- F. Sagada

D. Ano ang pangunahing industriya ng CAR? Punan ang kahon.

A										A
---	--	--	--	--	--	--	--	--	--	---



TANDAAN MO

- *Ang CAR o Cordillera Administrative Region ay binubuo ng anim na lalawigan at isang lungsod. Ang mga ito ay ang Abra, Apayao, Benguet, Ifugao, Kalinga, Mountain Province at ang lungsod ng Baguio.*
- *Agrikultura ang pangunahing industriya ng Rehiyon.*
- *Mayaman sa magagandang tanawin at lugar panturismo ang Rehiyong CAR.*



ISAPUSO MO

Sagutin ng buong katapatan ang mga sumusunod na tanong. Pangatwiranan mo ang iyong sagot. Gawin ito sa kuwadernong sagutan.

- A. Isa sa pinagkukunan ng inyong ikinabubuhay ay ang pag-ukit ng kahoy. Maraming tanggap na gawain ang iyong ama at kailangan niya ang iyong tulong. Ngunit niyayaya ka ng iyong mga kaibigan na mamaril ng ibon sa gubat. Ano ang gagawin mo? Bakit?

- B. Pagsasaka ang pangunahing hanapbuhay ng inyong lalawigan. Ano ang maaari mong gawin upang makatulong ka sa iyong mga magulang?





C. Dumating ang iyong kamag-aral sa inyong tahanan. Ikaw ay naghuhugas ng strawberry upang gawing strawberry preserve at strawberry jam. Mahihiya ka bang humarap sa iyong kamag-aral? Bakit?



Gumawa ng “collage” ng mapa ng CAR. Ihanda ang mga sumusunod na kagamitan sa paggawa ng “collage”.

- ¼ illustration board
- pandikit o glue
- lapis
- butil ng halaman (iba’t ibang kulay)

Paraan ng Paggawa:


1. Iguhit ang mapa ng CAR sa *illustration board*.
2. Sulatan ang angkop na pangalan ng mga lalawigan ang bawat bahagi ng mapa.
3. Idikit ang isang klase ng butil sa isa sa mga lalawigan hanggang matapos. Dikitan ng ibang kulay ng butil ang bawat lalawigan.
4. Patuyuin. Isabit ito sa dingding ng paaralan.
5. Ipakita mo ito sa iyong guro upang mabigyan ng kaukulang marka.



SAGUTIN MO

Isulat ang iyong sagot sa kuwadernong sagutan.

A. Pag-aralan ang mapa ng CAR. Isulat ang ngalan ng lalawigan sa bawat bilang.






B. Punan ng wastong sago tang patlang sa bawat pangungusap.

Matatagpuan ang Cordillera Administrative Region sa 1 bahagi ng Luzon. Binubuo ito ng anim na lalawigan at 2 lungsod. Ang nasa hilagang kanluran ng rehiyon ay ang 3. Sa timog naman ang Pangasinan at ang nasa Timog Silangan ay 4. Ang Cagayan sag awing 5, at Ilocos Sur at La Union sa 6.


Pagsasaka ang hanapbuhay ng karamihan sa naninirahan sa 7. Ang maraming gulay ay nanggagaling sa Lambak ng 8. Bukod sa pagsasaka ang 9 ay isa pang hanapbuhay dito. Ang malaking minahan ay nasa Benguet, Itogon, Tuba at 10.

C. Punan ng wastong titik ang kahon upang mabuo ang salitang tinutukoy. Isulat ang nabuong salita sa kuwadernong sagutan.


1. Ang kabisera ng Apayao.




2. Ang kabisera ng Benguet.




3. Ang natatanging lungsod sa CAR.



4. Ang kabisera ng Apayao.



5. Ang kabisera ng Apayao.





D. Tama o Mali. Isulat ang Tama kung ang isinasaad ng pangungusap sa bawat bilang ay wasto. Isulat ang Mali kung ito'y di-wasto at iwasto ang pangungusap.

- _____ 1. Ang CAR ay may kabuuang sukat na $18,406.6 \text{ km}^2$ kilometrong parisukat.

- _____ 2. Ang lalawigan na may pinakamaraming magagandang tanawin ay ang Benguet.

- _____ 3. Pagmimina ang pangunahing industriya ng rehiyong Cordillera.

- _____ 4. Ang CAR ay binubuo ng anim na lalawigan at anim na lungsod.

- _____ 5. May matataas na bundok sa Cordillera tulad ng Bundok Pulag at Bundok Datu.

- _____ 6. Ang lungsod ng Baguio ang pinakasentro ng kalakalan sa rehiyon.

- _____ 7. Ang CAR ay matatagpuan sa hilagang bahagi ng Visayas.

E. Ano ang gagawin mo sa mga sumusunod na sitwasyon? Isulat ang sagot sa kuwadernong sagutan.

1. Ikaw ay isang Ifugao na nakapag-aral sa Maynila. Nagpilit na sumama ang ilan mong kaeskwela. Nag-alaala ka dahil alam mong ang madadatnan ninyo ay mga magulang na ang kasuotan ay Ifugao.
2. Maraming halamang namumulaklak ang nadaanan ninyo sa inyong pamamasyal. Sapagkat noon lang nakakita tuwang-tuwang pinagpipitas ng mga kklase mo ang mga bulaklak.
3. Ipinagbawal ang pamumutol ng mga puno sa gubat. Alam mong ang trabahong iyong kapitbahay ay magtroso.



Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.